

MID-PENINSULA WATER DISTRICT

PATAKARAN SA PAGPUTOL NG RESIDENSYAL NA SERBISYO NG TUBIG

Magsisimula ngayong Disyembre 1, 2024

1. Panimula

Pinagtibay ang patakarang ito upang matugunan ang mga obligasyon ng Mid-Peninsula Water District (MPWD) alinsunod sa Kodigo ng Pamahalaan ng California (California Government Code) Seksyon 60370 *et seq.*, Kodigo ng Pampublikong Utilidad ng California (California Public Utilities Code) Seksyon 10001 *et seq.*, at Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan (Health and Safety Code) Seksyon 116900 *et seq.*, na namamahala sa pagputol ng ilang serbisyo ng utilidad. Iniaatas ng Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan Seksyon 116900 *et seq.*, o Batas sa Proteksyon Laban sa Pagpapatigil ng Serbisyo ng Tubig (Water Shutoff Protection Act) na ipinasa sa ilalim ng SB 998, na ang mga supplier ng tubig sa lungsod at sistema ng tubig sa lungsod at komunidad tulad ng MPWD ay magpatibay ng nakasulat na patakarang hinggil sa pagpapatigil ng residensyal na serbisyo dahil sa hindi pagbabayad.

Magiging available at ipo-post ang patakarang ito sa website ng MPWD sa wikang English, Spanish, Chinese, Tagalog, Vietnamese, Korean, at anumang iba pang wika na sinasalita ng hindi bababa sa 10% ng mga residente sa lugar ng serbisyo: www.midpeninsulawater.org

2. Pagbabayad para sa Residensyal na Serbisyo ng Tubig

Kinakailangang magbayad ang bawat taong tumatanggap ng serbisyo ng tubig mula sa MPWD para sa naturang serbisyo sa loob ng tatlong (30) araw ng kalendaryo pagkatapos ng pagpapadala ng statement o billing. Maliban kung ipinagbabawal ng batas, may karapatan ang MPWD na itigil ang serbisyo ng tubig kung hindi makakapagbayad nang buo at sa tamang oras. Hindi ititigil ng MPWD ang residensyal na serbisyo dahil sa hindi pagbabayad hangga't ang account ay hindi pa lumalampas sa animnapung (60) araw ng kalendaryo ng pagkakautang.

3. Pagkontra sa Singil

Kung naniniwala ang isang customer na sobra ang singil sa kanya para sa serbisyo ng tubig na hindi natanggap, maaaring tutulan ng customer ang halagang dapat bayaran sa pamamagitan ng pagsusumite ng nakasulat na abiso sa MPWD sa loob ng pitong (7) araw mula sa pagtanggap ng statement o billing. Susuriin ng MPWD ang impormasyong ibinigay ng customer at magsasagawa ng imbestigasyon ukol sa usapin. Gagawin ng General Manager ang desisyon batay sa lahat ng impormasyong nakuha at magkakaroon ng awtoridad na ayusin ang halagang dapat bayaran sa isang patas at makatarungang paraan, kung kinakailangan.

Kung hindi sumang-ayon ang customer sa desisyon, maaari siyang umapela sa desisyon sa loob ng pitong (7) araw ng kalendaryo mula sa desisyon ng General Manager, sa pamamagitan ng pagsusumite ng nakasulat na apela sa Lupon ng mga Direktor (Board of Directors). Susuriin ng Lupon ng mga Direktor ang mga rekord at gagawa ng desisyon sa susunod na regular na pagpupulong ng Lupon. Ang desisyon ng Lupon ng mga Direktor ang magiging pinal.

4. Abiso sa Pagputol ng Residensyal na Serbisyo

Magbibigay ang MPWD ng abiso sa mga customer at/o aktwal na gumagamit hinggil sa halaga ng pagkakautang at napipintong pagtigil ng serbisyo, alinsunod sa batas. Magpapadala ng abiso sa pamamagitan ng koreo, abiso sa lugar, o telepono. Walang pananagutan ang MPWD sa maling impormasyon ng address sa pagpapadala sa koreo o numero ng telepono na hindi na-update ng customer.

5. Pag-iwas sa Pagputol ng Residensyal na Serbisyo

Maaaring makipag-ugnayan ang mga customer sa MPWD sa pamamagitan ng telepono sa (650) 591-8941 o personal sa opisina mula Lunes-Biyernes, 8:00 AM hanggang 4:30 PM, maliban sa mga legal holiday, upang talakayin ang mga opsyon para maiwasan ang pagtigil ng serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga tuntunin ng patakarang ito.

Maaaring hilingin ng customer ang alternatibong opsyon sa pagbabayad tulad ng plano sa pag-antala at pagbabawas ng bayad, alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o kasunduan sa amortisasyon para sa halaga ng pagkakautang.

Puwedeng piliin ng MPWD kung aling opsyon sa pagbabayad ang kukunin ng customer at puwede nitong itakda ang mga kondisyon ng opsyon na iyon, ayon sa tanging desisyon ng MPWD. Anumang napiling opsyon sa pagbabayad ay dapat magresulta sa buong pagbabayad ng natitirang balanse sa loob ng 12 buwan, ngunit puwedeng magbigay ang MPWD ng mas mahabang termino kung kinakailangan upang maiwasan ang labis na paghihirap batay sa partikular na kalagayan ng customer.

Na-update ang Patakarang: Disyembre 1, 2024; pumalit sa Pebrero 1, 2020.